


PAGKILALA SA GAWA NG DIYOS SA PAMAMAGITAN NG BIBLIYA



Review

1. Lahat ng mga espirituwal na karakter sa Bibliya ay _____ sa pagkilos ng Diyos.
2. Ang iyong buhay ay mas nagiging mainit kung nakikilala mo ang pagkilos ng Diyos.

Ang Layunin ng Bibliya

Ang Bibliya ay kasulatang naglalaman ng katotohanan kung sino ang Diyos at anu-ano ang kanyang mga layunin at pamamaraan. Ito ang ating pamantayan sa pag-alam kung sino ang Diyos, ano ang gusto niya, at ano ang mga ginagawa niya upang matamo ang kanyang layunin. Kung alam natin ang ating mga Bibliya, mas nakikilala natin ang pagkilos ng Diyos sa buhay natin at sa paligid natin tulad ng pagkilos niya sa Bibliya.

Ginagamit ng Diyos ang Bibliya...

1. *Upang lumalim ang ating pang-unawa.* Ayon sa Psalm 51:6, nalulugod ang Diyos sa katotohanang nasa atin at siya ang kumikilos upang magkaroon tayo ng karunungan. Kung ikaw ay nananalangin at ang iyong pagbubulay ng Salita ng Diyos ay nagdulot ng mas malalim na karunungan o pang-unawa, alam mong nagsalita ang Diyos sa iyo. Maaari itong mangyari sa isang grupo, lalo na kung inuuna natin ang kanyang Salita o babad sa Salita ng Diyos ang ating pananalangin.
2. *Upang tayo'y gisingin at palakasin.* Ginagawa ito ng Diyos sa kabuuan ng Bibliya, tulad sa Haggai 1:14 at Eph. 3:16. Kung naalala mo ang isang talata sa Bibliya (John 14:26) o kaya'y narinig mo ito sa paraang naantig ang puso mo, nagsasalita ang Diyos sa iyo.
3. *Upang ipahayag ang kanyang plano.* Ipinapahayag ng Diyos ang kanyang plano maaring sa paraang inaasahan mo o maging sa paraang hindi mo inaasahan. May mga panahong hinahanap ng tao ang Diyos at ipinaalala ng Diyos ang ilan sa nakasulat sa Bibliya bilang sagot dito. May panahon din namang sa pagbabasa ng Bibliya kumikilos ang Espiritu upang magbigay ng mas malalim na pag-unawa dito na magbabago sa direksiyon ng buhay mo.
4. *Upang hubugin tayo ayon sa larawan ni Cristo.* Ayon sa Hebrews 4:12, ang Salita ng Diyos ay nakakakilala sa mga iniisip at nilalayon ng puso ng tao. Kapag ikaw ay nananalangin at ipinakita ng Diyos sa iyo ang isang kasalanan o maling intensiyon ng puso mo, alam mong ginamit ng Diyos ang kanyang Salita na parang isang salamin.

Focusing on God: Kapag nangungusap sa iyo ang Salita ng Diyos dapat mong itanong, “Lord, bakit mo kinakatok ang puso ko/namin na tulad nito? Ano ang sinasabi mo sa akin/amin, o ano ang nais mo na tugon ko/namin?” Minsan malalaman natin agad, ngunit minsan naman upang maunawaan natin ang sagot dapat munang ipanalangin natin itong mabuti. Sa tuwing ikaw ay nananalangin, kinakatok ba ng Diyos ang puso mo sa pamamagitan ng kanyang Salita? Nakahanda ba ang puso mo kung gagawin iyan ng Diyos ngayon?



Responding to God: Anong bahagi ng kanyang Salita ang ipinapaalala niya sa iyo nitong mga nakakaraang araw? Ibahagi natin ito sa grupo at tingnan natin kung ano ang sinasabi ng Diyos sa atin sa pamamagitan nito. Kung walang makapagbahagi, hilingin sa Diyos na ihanda ang ating puso at ibaling ito sa pamamagitan ng mga sumusunod na talata: Eph. 1:17-19; Phil 1:9-11; Col. 1:9-11; 1 John 5:14; 2 Tim. 1:7; Matt. 21:22. Maging sensitibo sa pagkilos ng Espiritu sa pamamagitan ng mga talatang ito at pagtuunan ng pansin kung paano tayo dapat tumugon sa Diyos.



Kingdom Prayer List

1. Ipanalangin ang isa't isa, upang maging matatag ang paglakad nating kasama ang Diyos.
2. Ipanalangin na ang Diyos ang gumawa ng paraan upang ang ating mga kapatid na dumaranas ng mabibigat na pagsubok ay maging matatag sa pagharap sa mga ito.
3. Ipanalangin ang puso ng mga miyembro na maging mainit sa pagbabahagi ng ebanghelyo, ayon sa anumang kakayahang ipinagkaloob sa kanila ng Diyos.



¹ Franklin, John, *Dynamic Prayer Meeting Study Guide*, ©2005 LifeWay Christian Resources, Translated to Filipino by Derick Parfan (Available at http://www.lifeway.com/lwc/files/lwcF_PDF_PrayerMeetingGuide_Franklin.pdf).